# Rizal Haligi ng Bayan

Sa Pluma Ni Charlie P. Calibuso Jr.
Southville 8-C Elementary School

Buhay pa nga ba ang nasyonalismo? Isa sa pinamahalagang parte ng kasaysayan ng isang bansa ay ang mga taong naglukluk sa atin kung anong mayroon tayo ngayon. Ano nga ba ang nasyonalismo? Ito ba ang pagsasakripisyo at pagbuwis ng buhay para sa bansang minulatan? Ang tunay na kahulugan ng nasyonalismo ay hindi pagbubuwis ng buhay, bagkus ito ang pagmamahal natin sa ating bansa.

Ang hindi lumingon sa pinanggalingan at sa katotohanan ay dimakakarating sa paroroonan, bagaman palasak na ang katagang ito sa ating pandinig, ito pa rin ang katagang hindi dapat mawawaglit sa ating isipan. Sa kanyang akdang Noli, gumamit siya ng karakter na Crisostomo Ibarra upang isiwalat ang sakit at kanser ng lipinan. Dito ipinangalandakan niya ang maling pagtrato sa mga Pilipino. Ito rin ang nagbigay daan upang paigtingin at pag alabin ang nananahimik nilang kamalayan. Sa pamamagitan nito, namulat ang mga Pilipino na ipaglaban ang kanilang karapatan at pagmamahal nila sa bayan. Patunay lamang na ang katotohanan ang magpapalaya sa bayan.

Kung tatanungin ko kayo, kilala niyo ba si Jose Rizal? Marahil kilala ng ilan ngunit sa pangalan lamang at walang ka muwang-muwang kung sino nga ba siya at kung ano nga ba ang mga ambag niya sa pagbabago sa ating bansa. Ang kabataan ang pag-asa ng bayan ay kanyang tinuran, tayo daw na kabataan ang magluluklok sa kasaganaan nito. Ang kanyang mga panulat ang nagbigay ng wastong pagpapasya sa mga Pilipino.Sadyang ngang masalimuot, mapait, at matamis ang mga kaganapan at yugto ng buhay ni Rizal. Simula sa kanyang panulat na ang batang gamu-gamu at amg inang gamu-gamu. Ang panulat na ito ay masasabing may talinhaga at kapupulutan ng mga aral sa buhay. Ang kanyang buhay sa Calamba at ang kanyang junto al pasig.

Si Rizal ay masasabing isang imahe ng isang henyo, isang pundasyon na tila baga'y isang konkretong pader na hanggang ngayon ay may matibay paring pundasyon. Masasabing ngang haligi.... haligi na hanggang ngayon ay pinapamayani natin sa ating mga isipan at ating mga puso. Sadya ngang si Rizal ay masasabi pa nating higit pa sa isang anak, kapatid at dakilang bayani. Patuloy siyang nakibaka upang maipaglaban ang pinaka aasam niyang kalayaan para sa atin. Dahil sa mga akda ni Rizal ito ay nagsilbing patnugot at gabay sa mga Pilipino upang tahakin ang mahirap at mapanganib na pagtatamo ng kasarinlan. Ngayong nabatid nyo na ang katamisan ng isang biyaya na hinubog at nakamit sa pagod at talino ng ating maituturing na haligi

ng bayan, huwag sana nating pabayaang tayo ay masadlak muli sa dusa bagkus pag ibayuhin ang pagpapahalaga at galak, huwag ibaon sa limot ang kanyang mga habilin. Huwag sana nating tularan ang nangyari sa isang gamu-gamu na nasilaw sa panlabas na kagandahan lamang. Sa ngayon, maramng tao na ang maaring umusbong at sumunod sa yapak ng isang dakilang bayani, mga Doctor, Dentista, mga OFW at mga Guro. Huwag sana nating tularan ang dinanas ni Rizal sa kanyang mga gurong Prayle na inilarawan niya sa isa sa kanyang mga katha na papaano matututo ang isang bata kung ang kaharap ay pamalo o di kaya ay latigo. Tama! Wala na tayo sa mga panahong inaalipin tayo ngmanlulupig.Huwag sana tayong magpa alipin sa ating sariling bayan. Naway maging salamin sa atin ang lahat ng mga pagsisikap, paghihirap at pagnanais ni Rizal. Sadya ngang napakasarap mabuhay ng walang kinakatakutan, pinagtataguan o pinangangambahang bagay na maari nating ikadakip, at sa ngayon, na sa atin na ang pagpapasya para sa Pilipinas. Isang malayang bansa, isang demokratikong pamamahala. Ang ating kinabukasan ay may maliwanag nang daan kung tatahakin natin ang tuwid na landas, landas upang maging isang kapakipakinabang na mamamayan. Mamayang hindi makasarili lamang, mamayang kumikilos upang mapag ibayo at mapagyaman at mapangalagaan ang bawat isa. Ang ating mithiin,at hakbangin ay dapat magkaroon ng maliwanag na layunin at matalinong pagpapasya. Maging 'sing tamis sana ng buhay at kasing ganda ang lahat ng bunga ng ating mga paghihirap. Matuto sana tayo sa lahat ng bagay katulad ng ginawa ng ating pambansang bayani. Matuto tayong tanggapin, tiisin at harapin ang tamis, hirap, at pait ng lahat ng hamon sa buhay.

Isipin lang natin sa lahat ng hakbangin natin may kapalit at magbubunga din ito.

Rizal isang tunay na bayani, isang imahe ng taong may pagmamalasakit sa bansa, Rizal isang alagad ng sining at literatura, isang mabuting anak, isang taong may pagpapahalaga sa kalayaan at pagmamalasakit sa kapwa. Ikaw, ako, tayo ay maari ding magsilbing instrumento tungo sa pagbabago. Hindi man tayo alipin ng ibang bansa subalit tayo ay nakatali at inaalipin sa nga mali nating pag-uugali. Ang ating negatibong pag-uugali na pumupigil sa atin upang mapagtagumpayan ang mga pagsubok na ating pinagdadaanan. Rizal bayani ka ng buong mundo. Isa kang tunay na halimbawa at patotoo ng mayamang kasaysayan ng Pilipinas. Isa kang luntiang sulo na gumagabay sa bawat tahakin, landas at adhikain ng bawat Pilipino.

Ang bagong sibol ay kinakailangang sumunod sa mga yapak at tinahak mong landas, ang pagka nasyonalismo ay dapat pairalin, ang malayang paghahangad at idolohiya ay hindi dapat supilin at kitilin. Ang kabataan ay pag-asa ng bayan.

Tama nga ang lahat ng mga katagang tinuran ni Rizal, umpisa sa kanyang panulat, prinsipyo at ang kanyang pilosopiya. Walang sino mang maapi o mang-aapi sa sarili nating bayan. Ang nararapat na isipin ng mga Pilipino ay ang pagkakaisa at

pagtutulungan tungo sa iisang mithiing mapabuti, at mapaunlad ang ating mahal na bansa. Lahat ng iyong pamana ay hindi mapupukaw kalian man bagkus ito ito ay aming pakaiingatan, paka aalagaan at pakamamahalin. Ang mga pangaral mo'y magpapasalin salin sa ngayon at sa susunod pang henerasyon.

Maayos na pangangalaga sa mamamayan, malinis at walang bahid na paglilingkod sa bayan, may pagmamalasakit, pantay na pagtrato sa kapwa, mahirap man o mayaman. Naway huwag tayong magbubulag bulagan at magbibingibingihan bagkus gawin ang tama at ituwid ang baluktot na paniniwala. Isulong ang tama at nararapat.

Makibahagi tayo sa programa ng ating pamahalaan, panatilihin at gawin ang tama sa isip, sa salita at sa gawa upang ang pait at karimlan ay din a maulit pa. Rizal.... Rizal... Rizal tunay kang kahanga hanga, haligi ka ng Bayan.

Pahalagahan at mahalin natin ang ating sariling bayan, at marahil sa kinabukasan masasabi nating lahat ng nakataas ang Noo **"ako ay Pilipino"** "Adios Patria Adorada."

Nasabi ko na.